



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Disyembre, 2019
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Mga Walang Partidong Botante na Nais Bumoto para sa Pangulo: Ang Kailangan Ninyong Malaman

Tinatawagan ang lahat ng mga botanteng nakarehistro bilang Walang Partido! Kung kayo ay bumoboto sa pamamagitan ng koreo at nais ninyong bumoto para sa pangulo, kailangan ninyong ipaalam sa Tagapagrehistro ng Mga Botante kung aling balotang pangkoreo ang nais ninyo sa o bago ang Ika-6 ng Enero. Kung hindi, ang inyong walang partidong balotang pangkoreo ay walang ipapakitang kahit sinong mga pampanguluhang kandidato.

Sa mga nakalipas na linggo, ang Tagapagrehistro ay pinaldahan ang halos 350,000 Walang Partidong mga botante ng balotang pangkoreo ng County ng isang pre-paid return na postcard na hinihiling ang kanilang seleksyon sa mga opsyon na balota para sa Ika-3 ng Marso, 2020 primaryang eleksyon. Kung kayo ay Walang Partido at kamakailang nag-sign up upang maging isang botante ng balotang pangkoreo, maaari ninyong asahan ang isang postcard na sinasaad ang inyong mga opsyon anumang oras ngayong linggo.

Sa ngayon, halos 37,000 mga Walang Partidong botante ang nagbalik ng kanilang mga postcard o muling-nagparehistro. Kung ang inyong postcard ay nawala sa gitna ng mga pang holiday na koreo, ito ang kailangan ninyong malaman.

Ang mga partidong American Independent, Democratic at Libertarian ay pinapayagan ang mga Walang Partidong botante na makilahok sa kanilang mga pampanguluhang primarya. Ngunit ang mga Walang Partidong botante ay [dapat humiling](#) ng isa sa mga balotang ito upang bumoto para sa pampanguluhang kandidato ng partidong iyon. Ang inyong status bilang isang Walang Partidong botante ay hindi magbabago.

Kung walang postcard, maaari pa rin kayong pumunta sa [sdvote.com](#) upang punan ang aplikasyon at email ito. Siguraduhing kayo ay nakarehistro para bumoto at nakalista bilang isang Walang Partidong botante ng balotang pangkoreo bago punan iyon.

Ang mga partidong Green, Peace and Freedom at Republican ay hindi pinapayagan ang mga Walang Partidong botante na makilahok sa kanilang mga pampanguluhang primarya. Ang mga botanteng Walang Partido na nagnanais bumoto para sa isa sa mga pampanguluhang kandidato ng mga partidong ito ay dapat muling magparehistro upang magawa iyon.

Ang lahat ng mga botante ay maaaring [i-tsek ang kanilang rehistrasyon, muling-magparehistro at magparehistro para makaboto](#) sa [sdvote.com](#). Ang opisina ng Tagapagrehistro ay hinihikayat kayong gawin ito nang maayos bago ang Ika-18 ng Pebrero, 2020 deadline ng rehistrasyon upang maiwasan ang mahabang pagkaantala sa Araw ng Eleksyon. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#).

###



COUNTY NG SAN DIEGO
MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-23 ng Disyembre, 2019

COUNTY**NEWS**CENTER  